

PROLOGUE



*H*indu Kush, Afghanistan.

Dahil delikado ang piniling trabaho, alam ni Lt. Michael McKendrick na malaki ang posibilidad na sa tuwing lalabas siya para sumali sa isang misyon, hindi na siya makakabalik sa pamilya niya nang buhay. Tanggap niya iyon dahil kapalit iyon ng katuparan ng pangarap niyang maglingkod sa Estados Unidos.

Gayunpaman, kahit pa tanggap niya na kasama iyon sa trabaho, naging mantra na ni Mikey ang mga salitang “not now, not yet” sa tuwing makikita ang sariling nasa matinding panganib. Sa tuwing nasa gitna siya ng laban o tuwing may nakakaharap siyang teroristang walang hinangad kundi ang pumatay ng

Amerikanong sundalo, ang sinasabi niya ay “not now, not yet.” Dahil hindi pa siya mamamatay. Hindi pa siya handang mamatay.

Iyon din ang naisip niya nang magulat siya sa matinding pagsabog mula sa kanyang likuran habang tumatakbo sila sa nyebe sa kalagitnaan ng malalakas na putok ng baril at mga pagsabog.

At paanong hindi siya magugulat? Siya ang may hawak ng detonator at hindi pa niya pinipindot ang trigger na magpapasabog sa explosives na ipinulupot niya sa helicopter.

But the damn thing *had* exploded, lighting the night sky with an intense orange fire, and he was lifted off the ground and pushed at least ten feet forward by the explosion that rocked the clearing.

Mikey fell face first into the snow but he didn't have the time to orient himself. Inulan siya ng mga shrapnel at debris mula sa sumabog na helicopter at tinakpan lang niya ng mga braso ang ulo para protektahan ang sarili.

Nang mag-angat siya ng mukha, nakita niyang nakadapa ang best friend niyang si Petty Officer Jethro Sanderson di-kalayuan mula sa kung saan siya

nag-landing. Kumilos ito, nagsimulang tumayo pero tinamaan si Jethro sa likod ng ulo ng isang malaki at umaapoy na debris na naging sanhi ng pagsubsob nitong muli sa nyebe.

“Jethro! F*ck!” sigaw ni Mikey.

Hindi ito sumagot ni kumilos muli. Mikey scrambled onto his hands and knees and crawled toward his best friend. Sa paligid, isa-isa ring nagsisikilos ang mga kasamahan nila, may humarap sa kanilang pinanggalingan para magpatuloy sa pakikipagpalitan ng putok, at may katulad ni Mikey na gumapang palapit kay Jethro.

“Mage! Mage! Damn it, Jethro, talk to me!”

Nakapikit ang kaibigan niya, nakaawang ang mga labi, at may dugong tumutulo mula sa sentido nito.

“Get him out of here, Sir! I’ll cover you,” sigaw ni Chief Petty Officer Evan Hale habang bumabaril ito.

Hindi nag-atubili si Mikey. Hinila niya paupo si Jethro at ipinuwesto ang katawan nito sa mga balikat niya para mabuhat niya ito sa isang fireman’s carry. Matangkad ang kaibigan, malaki din ang katawan, pero sanay naman silang lahat na bumuhat ng mga bagay—o teammate—na mas mabigat kaysa sa kanila

habang tumatakbo.

At iyon ang ginawa ni Mikey, tumakbo. Hindi niya ininda ang bigat ni Jethro o ang lamig ng nyebe o ang patuloy na pagputok ng mga baril at ang pagsabog ng mga RPGs mula sa mga kalaban. Isa lang ang nasa isip niya, ang makarating sa kuweba na pinagtataguan nila kung saan nanggagaling ang covering fire mula sa mga teammates niya. He needed to get his friend inside and to their hospital corpsman. He needed to keep Jethro safe.

Ten feet away from the cave, sinalubong si Mikey ni David Carter, ang kanilang corpsman, at tinulungan siya nitong buhatin si Jethro papasok sa kuweba.

Ibinaba lang niya ang kaibigan sa bakanteng lugar sa loob, hinintay na sabihin ni Dave na buhay ito, bago muling nagtungo si Mikey sa lagusan ng kuweba para bigyan ng covering fire ang iba pang mga kasamahang naiwan pa sa labas.

They were low on ammo so he made sure all his shots counted. And they did. Nakita niyang tumumba ang dalawang teroristang tinira niya. But then, nakita rin niyang tinamaan ang teammate niyang si Luke.

Hindi na nag-isip si Mikey. Tumakbo siyang muli

palabas ng kuweba. Alam niyang tinamaan din siya pero hindi niya naramdaman ang sakit, ang impact lang sa dibdib niya ang kanyang nadama. Siguro ricochet lang iyon at sinangga ng armor plate kaya hindi bumaon.

Not now. Not yet.

He slid on his knees on the snow, shot back at the enemy before pulling Luke up. Duguan ang likod ng hita nito at halatang hindi ito makakalakad. Mikey pulled the guy's arm over his shoulders to help him to his feet.

“Let's go. Let's go!” he shouted.

Not now. Not yet.

May isa pa silang teammate na kumuha sa kabilang braso ni Luke at magkakatulong nilang dinala ang lalaki sa kuweba.

A lot more of the *SEALs* were outside this time, shooting back, covering them.

“Incoming!” sigaw ng isa sa mga ito at muling napasubsob sila Mikey sa nyebe nang may sumabog na isa pang RPG mula sa di-kalayuan.

Someone pulled him up. Hindi na niya alam kung sino. Ang alam lang ni Mikey ay wala pa ring masakit

sa kanya. It was either adrenaline o talagang wala pa rin siyang pinsala.

Not now. Not yet.

A moment later, nasa loob na siya ng kuweba, humihingal, nakasandal sa rock face nang muling dumagundong ang isang malakas na pagsabog sa labas bago ang pagtigil ng putukan.

Sa tabi niya, humihingal din si Chief Hale.

Nagkatinginan sila.

“Is it over?” tanong niya rito.

Natawa ang lalaki. Tumawa rin si Mikey.

Hanggang sa hindi na nila napigilan ang mga sarili. It may be the strangest time to do so but they laughed. And laughed.

And laughed.

